# Modyul 4

# Pagsusuri ng Akda Batay sa Pananaw Saykolohikal

## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na?

Isa na namang modyul ang iyong pag-aaralan. Dito, dalawang akda ang iyong mababasa na tiyak kong iyong maiibigan. Mga akda na punung-puno ng damdamin na aantig sa iyong puso at isipan.

Ang una ay isang nobela na sinulat ng Ama ng mga Manggagawa na si Amado V.Hernandez na pinamagatang Luha ng Buwaya. At ang ikalawa'y isang iskrip ng dulang pampelikula na pinagbidahan ni Philip Salvador ang *Jaguar*.

Bukod pa sa rito'y iba't ibang gawain ang inihanda ko para sa iyo. Mga gawain na hahamon sa iyong kakayahan at pag-iisip at magdaragdag ng maraming kaalaman.

Ang iyong kaalaman sa pagsusuring panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito.

Kaya humanda ka na.

## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa akda.

## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Tutulungan ka ng modyul na ito. Magiging maayos at epektibo ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit o iyong bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo?

Ito'y gabay upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin.

4. Gawin at sundin mo ang mga panuto.

5. Isulat mo ang iyong sagot sa hiwalay na papel o notebuk.

6. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

7. Ingatan mo ang modyul na ito. Panatilihin mong malinis at walang punit ang bawat pahina.

8. Maging matapat ka sa pagsagot at pagwawasto ng iyong mga gawa.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang mga sumusunod ay ang panimulang pagsusulit na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa pag-aaralang akda.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang binata ay madalas magpalipad-hangin sa dalaga. Ang magpalipad-hangin ay nangangahulugang

   a. magparinig　　c. mamaypay
   b. magparamdam　　d. magpasaring

2. Hugos ang mga tao sa bahay na bato. Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay _

   a. nagsuguran　　c. naggawaan
   b. nagtaguan　　d. naglabasan

3. Maraming nagmimiron habang patuloy na nagaganap ang rambol. Ang kasingkahulugan ng nasasalungguhitang salita ay _

   a. nakikinig　　c. nag-uusyoso
   b. nagtatakbuhan　　d. nagsisigawan

4. Ang may-ari ng pinakamalawak na lupang sakahin sa Sampilong ay si _

   a. Mang Pablo c. Mayor
   b. Donya Leona d. Kabesang Reso

5. Nag-alsa ang mga iskwater sa pamumuno ni Andres sapagkat

   a. kinamkam ni Donya Leona ang Bagong Nayon
   b. pinagbintangan sila ni Donya Leona na nanunog ng kamalig
   c. inalis si Bandong bilang prinsipal
   d. di sila sinwelduhan ni Donya Leona

6. Ang Jaguar na tinutukoy sa akda ay isang _

   a. hayop na kauri ng pusa c. alalay
   b. gwardya d. bodyguard

7. Ang pag-iimbita ni Poldo sa kanyang "boss" na si Sonny ay inakala ng marami na siya'y_

   a. tumatanaw ng utang na loob
   b. natural na mapagkaibigan
   c. nagpapalapad ng papel
   d. nagbabakasakaling mataas ng tungkulin

8. Nakisama sina Direk at Sonny sa gulo. Sa ginawa ng dalawa makikilalang sila'y

   a. matapang c. matulungin
   b. basagulero d. mayabang

9. Nagsanib ang mga magsasaka at ang kooperatiba ng mga iskwater. Nilabanan nila si Donya Leona at sila'y nagtagumpay. Dito napatunayang _

   a. walang mang-aapi kung walang paaapi
   b. nasa pagkakaisa ang lakas at tagumpay
   c. kapag may tiyaga may nilaga
   d. ang kasamaan kailanma'y di magtatagumpay

10. Sinusundan-sundan ni Poldo si Sonny habang ito'y nakikipagsuntukan at nakikipagbalibagan. At sa kasusunod niya'y nasusuntok siya ng kalaban nito. Pero di niya ito alintana. Seryoso si Poldo. Makikilalang si Poldo ay _

    a. matapang
    b. marunong mangalaga sa kanyang bisita
    c. tapat sa pagtupad sa kanyang tungkulin/trabaho
    d. marunong makisama

- Nahirapan ka ba sa pagsagot? Iwasto mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong nakuhang iskor. Tutulungan ka ng modyul na ito.



# Aralin 1: Luha ng Buwaya

*Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na mga kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag at mga salita na ginamit sa akda

2. Natutukoy ang mahahalagang detalye at kaisipan sa akda

3. Nasusuri ang akda batay sa saykolohikal na pananaw sa pamamagitan ng pagtutuon sa kilos, gawi at paniniwala ng tauhan

4. Napatutunayang mahalaga ang pakikiisa at pagkakaisa sa ikapagtatagumpay ng layunin

5. Nakasusulat ng mga islogan na nauukol sa mga kaisipang napapaloob sa akda

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Sa nakaraang modyul ay natutunan mo ang 2 paraan ng pagpapakahulugan sa salita, ang denotasyon at konotasyong pagpapakahulugan. Ibigay mo nga ang denotasyon at konotasyong kahulugan ng BUWAYA.

Hanapin mo ito sa mga nakatala sa ibaba at isulat sa hanay. Titik lamang ang isulat

| | Denotasyon | Konotasyon |
|---|---|---|
| B<br>U<br>W<br>A<br>Y<br>A | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

a. ganid b. sakim c. hayop na tumitira sa tubig
d. kahawig ng bayawak ngunit malaki kaysa rito
e. mapangamkam f. matakaw

- Tingnan mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro kung nailagay mo sa tamang hanay ang bawat kahulugan.

Alin kaya sa mga kahulugang iyan ang tinutukoy sa babasahin mong nobela? Alamin mo yan.

O handa ka na ba?

Simulan mo na ang pagbasa.

**2. Basahin mo…**

BUOD NG LUHA NG BUWAYA
(Amado V. Hernandez)

KAGAGALING NI BANDONG, guro sa Sampilong, sa opisina ng Superintendente sa kabisera ng lalawigan sapagkat pinagbilinan siyang manumpang pansamantalang prinsipal sa kanilang nayon samantalang nagbabakasyon ang talagang prinsipal, si Maestro Putin. Dinalaw ni Bandong si Pina, ang pinakamagandang dalaga sa nayon at anak ni Mang Pablo na pangulo ng PTA at sinusuyo ni Bandong upang makipagbalitaan at magpalipad-hangin ukol sa kanyang pag-ibig. Nalaman ni Bandong na may pabatares sa pagapas kinabukasan si Mang Pablo. Sa gapasan, naging masaya ang mga manggagapas kahit na lumabas si Donya Leona Grande, ang may-ari ng pinakamalawak na lupang sakahin sa Sampilong. Napakahigpit sa kasama si Donya Leona.

Nang ipaghanda sa bahay-asyenda ang dalawang anak ni Donya Leona, si Jun, nagtapos ng medisina at si Ninet na nagtapos naman ng parmasya, ang mga kasamang babae at lalaki ay hugos din sa bahay na bato sa pagtulong sa mga gawain at pagsisilbi sa mga panauhin. Naganap sa kasayahang ito ang kaguluhang kinasangkutan ni Andres, isang iskwater na nakita sa pook na tinaguriang tambakan. Nagawi sa Sampilong si Andres mula sa

Maynila noong panahon ng Hapones sapagkat natandaang sinabi ng yumaong ina na may kamag-anakan sila sa Sampilong. Nang matapos ang digmaan si Andres at ang kanyang mag-ina ay hindi na nagbalik pa sa Maynila.

Nakilala nang lubusan ni Bandong si Andres nang ipinasok nito sa grade one ang anak na sampung taon. Inamuki ni Bandong si Andres na magtayo ng cottage industries sa kanilang pook ng mga iskwater ngunit pagkatapos lamang na ayusin at linisin nila ang kanilang pook pumayag si Andres at ang mga iskwater sa mungkahi ni Bandong.

Bumuo ng isang samahan ang mga magsasaka at si Bandong ang tagapayo nito. Isinumbong ni Dislaw, ang engkargado at badigard ni Don Severo Grande, ang unyon ng mga magsasaka. Ikinagalit iyon ni Donya Leona lalo na nang tanggapin nito ang manipesto ng mga kahilingan ng mga magsasaka. Tumanggi si Donya Leona sa mga kahilingan ng mga magsasaka at ang mga ito naman ay tumangging gumawa sa kanilang mga saka.

Samatala'y nalinis at naayos nina Andres ang pook ng mga iskwater at tinawag nilang Bagong Nayon. Sa tulong ni Bandong, lumapit sila ni Andres sa Social Welfare Administration. Nakapangilak sila ng pondo mula sa mga kanayon at sinimulan nilang itayo ang kooperatiba ukol sa industriyang pantahanan.

Ngunit ang Bagong Nayon ay sinimulang kamkamin ni Donya Leona. Pagkatapos kausapin ang huwes ng bayan, isinampa ng mga Grande ang habla at ang ginamit na tanging ebidensiya ay isang lumang dokumento ng pagmamay-ari. Kinasapakat ni Donya Leona ang alkalde na pinsan ni Don Severo, ang hepe ng pulisya na inaanak naman sa kasal ng asawang Grande.

Lumaban ang mga iskwater sa pamumuno ni Andres. Ang samahan ng mga magsasaka at ang kooperatiba ng mga iskwater ay nagsanib. Sa tulong ni Bandong sila ay nakakuha sa Maynila ng isang abogadong naging kaibigan ni Bandong noong nag-aaral pa sa Maynila.

Sa isang pagkakataon, nakatagpo ni Andres si Ba Intern, na pinakamatandang tao sa nayon. Sa pagtatanong ni Andres sa matanda, natiyak ni Ba Intern na si Andres ay apo sa tuhod ng yumaong mabait na Kabesang Resong ng Sampilong. Mayaman sa Sampilong ang nuno ni Andres ngunit nang mamatay ito ay napasalin sa mga magulang ni Donya Leona ang mga aring lupa nito bago namatay. Sa pagtatanong ni Andres sa kanilang abogado, nalaman niyang maaari pa niyang habulin ang lupa at pagbabayarin ng pinsala ang mga Grande.

Sa utos ni Donya Leona, naigawa ng kasong administratibo si Bandong. Si Dislaw na karibal ni Bandong kay Pina at si Hepe Hugo ng pulisya ang nakalagda sa sumbong. Nang dumating ang pasukan isang bagong prinsipal, Si Mr. Danyos, ang dumating sa Sampilong.

Noong sinagot ni Pina si Bandong, pinagtangkaang halayin ni Dislaw si Pina, mabuti na lamang at dumating si Bandong na kung hindi naawat ng mga dumalo ay baka napatay si Dislaw. Sa nangyari, pinaluwas ni Donya Leona sa Maynila si Dislaw.

Sa gabi, lihim na ipinahakot ni Donya Leona sa mga trak ang mga palay niya sa kamalig at ipinaluwas sa Maynila upang ipagbili sa Intsik. Isang umaga nagisnan na lamang ng Sampilong na nasusunog ang kamalig ng mga Grande. Ibinintang ang pagkasunog ng kamalig sa mga pinuno ng unyon ng mga magsasaka at sa mga pinuno ng kooperatiba ng mga iskwater. Salamat na lamang at ang mayordoma sa bahay ng mga Grande, si Iska, ay nagalit kay Kosme na mangingibig niya at siyang inutusan ni Donya Leona na sumunog sa kamalig, dahil sa hindi siya isinama ni Kosme sa Maynila kundi si Cely na kapatid ni Dislaw. Ipinagtapat ni Iska kay Sedes na asawa ni Andres ang lihim at ipinagtapat naman ni Sedes kay Bandong.

Nahuli si Kosme at umamin sa kasalanan. Isinunod pa ni Andres ang paghabol sa hukuman sa lupa niyang kinamkam ng mga Grande. Dahilan sa kahihiyang tinamo, hinakot ng mga Grande sa Maynila ang mga kasangkapan at doon nagpirmi. Sa Maynila, si Donya Leona ay nagkasakit ng alta presyon at naging paralisado nang maatake. Si Don Severo naman ay nagkasakit ng matinding insomnya.

Samantala, napawalang-saysay ang hablang administratibo laban kay Bandong at tiniyak ng Superintendente na siya ang ilalagay na prinsipal sa Sampilomg sapagkat aalisin doon si Danyos dahil sa hindi makasundo ng mga guro at ng mga magulang ng mga bata.

Namanhikan sina Bandong kina Pina at may hiwatig na siya ay ikakandidato pang alkalde ng kanyang kanayon sa susunod na halalan.

- Binasa mo bang mabuti ang akda?. Naunawaan mo ba ito? Nakilala mo ba ang mga tauhan? Natandaan mo ba ang mahahalagang pangyayari at detalye sa akda?

Kung gayon, handa ka na para sagutin ang mga pagsasanay na inihanda ko.

Sige simulan mo na.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na pahayag at pahiwatig. Pagbatayan ang hanay ng mga kahulugan sa ibaba. Isulat ang titik lamang.

1. Si Donya Leona ay nakatira sa bahay na bato.
2. Kinasapakat ni Donya Leona ang alkalde upang kamkamin ang Bagong Nayon.
3. Napawalang-saysay ang hablang administratibo laban kay Bandong.
4. Si Donya Leona ay nagkasakit ng alta presyon at naging paralisado nang maatake.
5. Nabawi ni Andres ang lupa nilang kinamkam ng mga Grande.

a. Ang katotohanan ay mananaig
b. Mayaman si Donya Leona
c. Nakarma si Donya Leona
d. Maimpluwensiya si Donya Leona
e. Anumang di pinaghirapan ay mawawala rin

Panuto: Ang mga may salungguhit sa Hanay A ay mga mahihirap na salita na ginamit sa akda. Hanapin mo ang katumbas na kahulugan nito sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. may <u>pabatares</u> sa pagapas | a. hinikayat |
| 2. madalas <u>magpalipad-hangin</u> | b. nagkaisa |

3. kinasapakat ang alkalde — c. nagtanim

4. inamuki si Andres — d. magparamdam

5. nagsanib ang mga iskwater at magsasaka — e. kinasabwat

f. bayaniham

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Suriin mong mabuti ang tamang sagot sa bawat katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang itinalagang pansamantalang prinsipal sa nayon ng Sampilong?

   a. Bandong c. Maestro Putin
   b. Andres d. Mr. Danyos

2. Sino ang mahigpit na may-ari ng pinakamalawak na lupang sakahin sa Sampilong?

   a. Mang Pablo c. Donya Leona
   b. Andres d. Alkalde

3. Sino ang nagawi sa Sampilong mula sa Maynila at doon na nanirahan sapagkat may kamag-anakan siya roon?

   a. Bandong c. Mang Pablo
   b. Andres d. Donya Leona

4. Ano ang iminungkahi ni Bandong kina Andres at sa mga iskwater upang umangat ang buhay ng mga ito?

   a. lumuwas ng Maynila at doon naghanapbuhay
   b. magtayo ng unyon
   c. magtayo ng cottage industries
   d. linisin at ayusin ang kanilang lugar

5. Bakit nagalit si Donya Leona sa mga magsasaka?

   a. dahil sa ayaw magsaka ng mga ito
   b. dahil sa ginawang pagsunog sa kamalig
   c. dahil sa pagtatatag ng unyon ng mga magsasaka
   d. dahil sa pagbawi ni Andres sa lupa ng kanyang nuno

6. Ano ang ginawa ni Donya Leona upang makamkam ang Bagong Nayon?

a. kinausap ang huwes ng bayan at nagsampa ng habla
b. nagpakita ng lumang dokumento ng pagmamay-ari
c. kinasapakat ang alkalde at hepe ng pulisya
d. lahat ng nabanggit

7. Paano hinarap ng mga iskwater at magsasaka ang ginawang ito ni Donya Leona?

   a. nagsanib at nagkaisa ang samahan ng mga magsasaka at ang kooperatiba ng mga iskwater na labanan si Donya Leona.
   b. humingi sila ng tulong sa Social Welfare Administration
   c. binayaran nila ang lupa kay Donya Leona
   d. wala sa nabanggit

8. Bakit sa Maynila na nanirahan ang mga Grande?

   a. dahil sa matinding kahihiyang tinamo
   b. dahil sa pinag-uusig sila sa Sampilong
   c. dahil sa nagkasakit silang mag-asawa at kailangang magpagamot sa Maynila
   d. lahat ng nabanggit

9. Inamuki ni Bandong si Andres na magtayo ng cottage industries sa kanilang pook ngunit pagkatapos lamang na ayusin at linisin nila ang kanilang pook pumayag si Andres sa mungkahi ni Bandong. Sa ginawing iyon ni Andres makikilalang siya'y_

   a. tamad
   b. di makakilos nang mag-isa
   c. sigurista ,sinisiguro niyang matutuloy ang proyekto
   d. di mapaniwalain

10. Alin sa mga sumusunod ang di totoong nangyari sa nobela?

    1. Ibinigay ni Donya Leona ang kahilingan ng mga magsasaka
    2. Sa utos ni Donya Leona ay naigawa ng kasong administratibo si Bandong
    3. Nasunog ang kamalig ng mga Grande
    4. Tinulungan ni Bandong ang mga iskwater at magsasaka

    a. 1 c. 3
    b. 2 d. 4

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Bago mo gawin ang susunod na gawain, alamin mo muna ang isinasaad ng nasa loob ng kahon.

Sa pagbasa sa isang akda batay sa saykolohikal na pananaw, ang tinitingnan ay ang kalagayan ng tauhan. Sa ganitong pagtingin, sinusuri ang tauhan batay sa kanilang pananalita, pagkilos at mga gawi. Sinusuri din ang umiiral na paniniwala at paninindigan ng tauhan.

- Naunawaan mo ba ito?

Kung gayon, suriin mo ang akdang "Luha ng Buwaya" batay sa mga katangian ng isang pagsusuring saykolohikal.

1. Pumili ka ng isang tauhan. Bigyang pansin ang pagkilos at gawi nito. "Naipakilala ba ng kanyang kilos at gawi ang kanyang pagkatao?"

2. Pumili ka ng isa pang tauhan. Ilahad ang paniniwala at paninindigan nito. "Naipakilala ba ng mga paniniwala/paninindigang ito ang kanyang pagkatao?"

d. **Halagang Pangkatauhan**

1. Kung ikaw ay nakatira sa iskwater, ano ang magagawa mo para maayos at malinis ang inyong lugar?

2. Naging ganid sa kapangyarihan at kayamanan si Donya Leona, at nawala sa kanya ang lahat ng iyan. Kung ikaw si Donya Leona, ano na ang iyong gagawin?

- Naisagawa mo ba ang lahat ng mga gawain? Iwasto ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Naging magaan ba ito? May mga bahagi bang nahirapan ka? Kung wala, daragdagan ko pa ang iyong kaalaman sa tulong ng mga gawaing magpapalawak at magpapalalim sa iyong kaisipan.

**4. Palalimin mo…**

Dugtungan mo ang mga sumusunod na mga pahayag. Matapos kong mabasa ang nobelang " Luha ng Buwaya"

Nalaman ko na ____________________________

Naramdaman ko na __________________________

Masasabi ko na _____________________________

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

- Lagyan mo ng star (*) ang mga pahayag na sa tingin mo ay positibo at bilog (**o**) kung negatibo.

______1. Nilinis ng mga iskwater ang kanilang pook

______2. Kung ano ang ginawa sa iyo, gawin mo rin sa kapwa mo.

______3. Ang katarungan ay para sa lahat

______4. Gantihan ng dahas ang pagmamalupit ng mga mapagsamantala.

______5. Tulungan ang mga mangmang sa halip na pagsamantalahan.

______6. Sa mapayapang pamamaraan makakamit ang pagbabagong-lipunan.

______7. Ang pagkakaroon ng disiplina't pagkakaisa ay nagbubunga ng kabutihan.

______8. Pakikipagkapwa-tao at pag-uugnayan, kailangan sa kaunlarang pambansa.

______9. Nasa pagkakaisa ang pagbabago, ang kalayaan at ang kaunlaran.

_____10. Umasa at maghintay na darating ang panahon na giginhawa ang buhay.

- Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
Mataas ba ang nakuha mong iskor? Magaling!
Gawin mo na ang susunod na pagsasanay.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang mabuo ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

Anumang ___________ galing sa masama,
Di magtatagal, mawawalang parang __________.

Ang pagbabago ay ating _______________,
Sa maingat at _____________ pamamaraan.

Kasinungalingan di ________________,
______________ mananaig lagi.

| | | |
|---|---|---|
| maling | kayamanang | pinaghirapan |
| bula | makakamtan | maghahari |
| katotohanan | kagalingan | tamang |

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
Nakakuha ka ba ng 5 pataas? Mahusay kung gayon.

**7. Lagumin mo…**

Naibigan mo ba ang nobela? Anu-anong aral ang napulot mo sa akda? Hanapin mo ito sa mga nakasulat sa ibaba at lagyan ng tsek (√).

_____1. Kailanma'y di magtatagumpay ang kasamaan

_____2. Anumang suliranin ay malulutas, isangguni mo lamang ito sa Maykapal

_____3. Ang kahirapan ay di hadlang sa pagtatagumpay

_____4. Ang katotohanan ay mananaig at mangingibabaw

_____5. Nasa pagkakaisa ang lakas upang layunin ay mapagtagumpayan

_____6. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa

_____7. Walang mang-aapi, kung walang paaapi

- Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Iwasto mo ito sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin mo…**

Lubos na ba ang kaalamang natutunan mo sa nobelang binasa? Tingnan natin. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot

1. Ang pamilya Grande'y maihahalintulad sa mga buwaya sa katihan. Ang buwaya sa pangungusap ay nangangahulugan ng

   a. mga taong walang pakikipagkapwa
   b. mga taong ganid
   c. mga mababangis na hayop
   d. mga makapangyarihan

2. <u>Hugos</u> sa bahay na bato ang mga kalalakihan at kababaihan ng Sampilong. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugan ng

   a. nagsuguran          c. nag-alisan
   b. nagtakbuhan          d. nag-uwian

3. May pabatares sa pagapas nina Mang Pablo. Ang ibig sabihin ng pabatares ay

   a. bayanihan  c. pagpupulong
   b. hapag-kainan  d. patrabaho

4. Ang pinuno ng unyon ng mga magsasaka ay si_______

   a. Andres  c. Dislaw
   b. Bandong  d. Mang Pablo

5. Ang naging susi sa pagtatagumpay ng mga iskwater upang mabawi ang kanilang lupain ay ang ______

   a. pagbabayad ng buwis
   b. pagkakaisa ng lahat
   c. paghingi ng tulong sa korte
   d. paggawa sa sakahan

6. Ang sinapit ng pamilya Grande ay______

   a. napahiya sa Sampilong at nanirahan sa Maynila
   b. naging paralisado si Donya Leona
   c. nagka-insomnya si Don Severo
   d. lahat ng nabanggit

7. Ang "Luha ng Buwaya" ay isang _______

   a. nobela
   b. dula
   c. maikling kwento
   d. sanaysay

8. Ang pamagat na "Luha ng Buwaya" ay sumisimbolo sa

   a. paglayo ng mga ganid
   b. pagkamatay ng mga ganid
   c. pagbagsak ng mga ganid
   d. pagkalungkot ng mga ganid

9. Alin sa mga sumusunod ang nararapat mong gawin kung ika'y matatalo sa isang usapin?

   a. bayaran ang hukom na humahawak ng kaso upang baliktarin ang hatol
   b. kausapin ang maipluwensyang tao upang matulungan sa usapin
   c. lihim na maghiganti sa kalaban
   d. tanggapin ang pagkatalo at magsimulang muli

10. Pinatunayan sa nobela na _____

    a. ang katotohanan ay mangingibabaw
    b. ang pagkakaisa ay kailangan upang magtagumpay


    c. ang pagbabago ay matatamo sa mapayapang paraan
    d. lahat ng nabanggit

- Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iyong iskor ay 7-10, pumunta ka na sa susunod na aralin at kung ang iskor mo ay 6 pababa, gawin mo ang susunod na pagsasanay.

**9. Paunlarin mo…**

Isulat mo sa ibaba ang mga pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan na napapaloob sa akdang binasa.




- Tingnan mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito'y malapit sa tamang sagot ay katanggap-tanggap na ito.

Batid kong handa ka na sa susunod na aralin, kaya tumungo ka na rito.

# *Aralin 2: Jaguar*



*Anu-ano ang mga tiyak na matutunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo ang sumusunod na mga kasanayan:

1. Nasasabi ang bisa ng ginawang pamimili ng salita sa pagbubuo ng akda

2. Nasusuri ang akda batay sa mga elemento o sangkap nito

3. Nasusuri ang akda batay sa saykolohikal na pananaw sa pamamagitan ng pagtutuon sa kilos, gawi at paniniwala ng tauhan.

4. Natutukoy ang tamang paraan ng pakikitungo sa kapwa

5. Naisusulat ang mga positibo at negatibong punto ng pagiging gwardya

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Pansinin mo ang dalawang salita na nasa bilog.

Gwardya　　　　Bodyguard

Ano ang Gwardya? Ano ang Bodyguard?

Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba nito?

May kakilala ka bang gwardya?

Baligtarin mo nga ang salitang gwardya.

Dyagwar, tama! Iyan ang pamagat ng babasahin mong akda "Jaguar."

**2. Basahin mo…**

Ito ay isang bahagi ng iskrip pampelikula na pinagbidahan ni Philip Salvador at dinirehe ni Lino Brocka na itinuturing na isa sa pinakamagaling na director sa kanyang kapanahunan. Sige, basahin mo na.

Jaguar

(Iskrip ng Dulang ampelikula/Bahagi)

INT. Gaston Publishing Lobby. Hapon.

Oras ng labasan. Nagba-bundy clock ang mga papalabas na manggagawa. Nasa tabi ng desk ng security guard ang bundy clock.

Nakauniporme si Poldo, nakaupo sa gilid ng desk. May kasama siyang gwardyang babae. Iniiksamin nilang dalawa ang mga bag ng mga trabahador. Ang mga lalaki'y kinakapkapan ni Poldo.

Dadaan si Sonny, may bitbit na attaché case. Sasalubungin siya ni Poldo. Itataas ni Poldo ang palad sa harap ng mga nakapilang manggagawa, parang pulis na nagpapatigil ng trapik. Ang ekspresyon sa mukha ni Poldo ay parang nagsasabing: Relaks lang muna kayo riyan; boss ito at dapat unahin.

Uunahan ni Poldo si Sonny. Ipagbubukas ito ng salaming pinto.

EXT. Gaston Publishing. Hapon.

Susunod si Poldo hanggang sa kotse ni Sonny. Bubuksan ni Sonny ang pinto ng kanyang kotse. Hahawakan ni Poldo ang pinto habang pumapasok si Sonny, saka isasara ang pinto matapos makaayos ng upo si Sonny.

POLDO: Sir, sa Linggo, ha? Baka nyo makalimutan.

SONNY: Anong sa Linggo?

POLDO: Yong piyesta sa 'min.

SONNY: Piyesta… a, oo. Hindi ko makakalimutan 'yan.

Sasaludo uli si Poldo. Tatakbo papunta sa labasan ng driveway. Pasenyas-senyas at pasilba-silbato, papahintuin niya ang trapik sa kalsada para makalabas ang kotse ni Sonny.

EXT. Slum Area I. Tanghali.

Piyesta sa komunidad. May kaunting banderitas na nakasabit. Sa harapan at loob ng mga bahay-bahay, maraming nagkakainan, nag-iinuman, at nagkakaingayan.

EXT. Bahay nina Poldo. Tanghali.

Nakatayo si Poldo sa harap ng bahay, may inaabangan at mukhang inip na inip. Bihis na bihis siya. May hawak na bote ng beer na kakaunti na ang laman.

Sa background, may matandang mag-asawa at dalawang apong nakaupo sa dalawang mahabang bangko, kumakain, kinakausap ng tiyuhin ni Poldo ang matandang lalaki. Ang tiyahin ni Poldo at si Marissa ay may dalang mga bandehado ng ulam at nag-aalok sa mga bisita na kumuha pa. Tinutuksu-tukso ni Totoy ang dalawang apo ---- kinakalabit ang batok, pinipitik ang tenga.

Nasa isang tabi ang mesitang ginagamit ng tiyuhin sa trabaho. Malinis ito ngayon, walang nakapatong na kagamitan ng sapaterya. Sa tabi nito, may mahabang dram na natatakpan ng sako.

Uubusin ni Poldo ang laman ng hawak niyang bote. Lalapitan ang mababang dram. Ititindig ang basyo sa tabi ng dram. Hahawiin ang sako.

Ang laman ng dram ay mga bote ng serbesa at malalaking tipak ng yelo. Kukuha si Poldo ng isang malamig na bote. Bubuksan niya ang bote sa pamamagitan ng ngipin. Iluluwa ang tansan. Tutungga siya.

Habang ginagawa ito ni Poldo, sa background ay makikitang lumalabas sa pinto ng bahay ang kapatid niyang si Aida, kasama ang isang pulutong ng mga kaklase. Maingay at masaya, nagpapaalam kay Aida ang mga kaklase.

Papasok sa bahay si Poldo, kasunod si Marissa.

INT. Bahay nina Poldo. Tanghali.

Sa mesa ng komedor-kusina, nakalatag ang marami pang ibang bandehado ng pagkain, puro may takip na wax paper. Nasa banggerahan si Aling Elena, naghuhugas ng pinggan.

Lalapit si Poldo sa mesa at pipili ng mapupulutan. Ilalapag ni Marissa sa mesa ang dala niyang bandehado. Lalapit ito sa ina at tutulong sa paghuhugas ng pinggan.

ALING NENA: Wala pa bang mga bisita mo, Poldo?
POLDO: (Ngumunguya) Wala pa nga ho, e.
MARISSA: Hindi ka siguro sisiputin no'n, kuya. Class yata 'yong boss mo, e. Hindi 'yon ang tipong tumutuntong sa barungbarong.
POLDO: Oy, huwag kang sumali sa usapan ng matatanda, ha?
MARISSA: Sayang ang 'pinambili mo ng beer. Sana kwatro kantos na lang ang binili mo, tayu-tayo lang pala ang iinom.
POLDO: Ako ba talagang niloloko mo?
ALING ELENA: Poldo, kumain ka na. Pasado ala-una na, baka malipasan ka. Tapos na kaming lahat.
POLDO: Kumakain na nga ho. Ano pa ba 'tong ginagawa ko?
ALING ELENA: Ba't hindi ka kumuha ng pinggan at umupo nang maayos? Maimpatso ka niyan sa ginagawa mo. Tamo ni hindi ka nagkakanin. Ang dami namang kanin diyan.

Nagsasalita pa si Aling Elena ay maririnig na ang boses ng tiyuhin mula sa labas.
TIYUHIN: (Voice over) Poldo! Mga bisita mo! Eto na! (Sa mas mahinang boses) Tuloy na ho kayo, nasa loob ho si Poldo. Aida, samahan mo ang mga bisita ng kuya mo.

Mabilis na isusubo ni Poldo ang kapirasong ulam na hawak niya. Ipapahid ang daliri sa gilid ng mantel. Lakad-takbong pupuntahan ang pinto. Hustong pumapasok naman si Aida, kasunod sina Sonny, Direk, Cristy, Edmon, Jing at Bosyo. Si Sonny ay may hawak na bote ng stateside whisky.

POLDO: Tuloy kayo. Akala ko, hihiyain n'yo 'ko e.
SONNY: (Inaabot ang bote ng whisky kay Poldo) Pwede ba 'yon? Eto nga't me pasalubong pa 'ko.
POLDO: 'Nay mga…kaibigan ko… Boss ko ho, si…a…si Sonny.
ALING ELENA: Magandang tanghali po.
SONNY: Magandang tanghali po naman.
ALING ELENA: O, Poldo, bigyan mo ng mga pinggan ang mga bisita mo. Aida, Marissa, tumulong muna kayo rito. 'Yong mga napkin, ilabas n'yo.

Habang kumukuha ng pagkain sina Sonny, abalang-abala si Poldo sa pag-iistima sa kanila. Excited siya, tuwang-tuwa. Si Cristy ay walang ekspresyon sa mukha, parang napilitan lang sa pagkapunta rito. Si Sonny naman ay parang politikong nasa kanyang balwarte.

POLDO: Itong morkon, Sonny, Direk---'to ang espesyalidad ni Inay. Cristy, kuha lang, ha? Jing, Edmon, abot lang. Bosyo.
SONNY: O, Cristy, tikman mo raw 'tong morkon. Ikaw naman, Poldo, huwag kang mahiya, ha? Feel at home.

EXT. Bahay nina Poldo. Hapon.

Malakas ang tawanan, parang karugtong ang tawanan sa nagdaang sequence (Eksena). Nagtatawanan ang mga lalaking bisita ni Poldo. Lasing na ang lahat. Nakaupo sila sa magkaharap na bangko. Nasa gitna nila ang mesita ng sapatero. Nasa ibabaw nito ang bote ng beer, isang mangkok na may lamang halos tunaw nang yelo; isang bandehado ng pulutan. Nakatayo si Poldo sa may likuran ni Sonny, parang angel de la gwardya.

Sa background, makikitang nakabukod si Cristy, kinukwentuhan at iniistima nang husto ng ina at mga kapatid ni Poldo. Nakikinig lang si Cristy.

DIREK: (Iaabot kay Poldo ang mangkok) Wala tayong yelo, Jaguar.

Sa mababang dram, magtitipak ng yelo. Ibinubuhos ni Direk ang natitirang laman ng whisky sa baso niya. Umiihi si Bosyo sa isang sulok. Kumakanta si Sonny ---- wala siyang tono.

SONNY: Si Bosyo kung umiihi, sumasagitsit pa nang konti…

Hagakhakan na naman ng tawa. Bigla, makakarinig sila ng mga hiyawan at pagkaingay sa di kalayuan. Mapapatingin ang lahat sa pinagmumulan ng ingay.

POV (Point of View) nina Poldo.

Dalawang maton nagmumurahan, naggigirian, pormang magkakatirahan. Nakapaligid ang iba pang tambay at maton, nagmimiron, nanunulsol, puro lasing ang mga ito. Balik kina Poldo. Nakatingin pa rin ang lahat. Nakatayo na si Sonny.

SONNY: Ano 'yon?
POLDO: Wala 'yan. Talagang ganito dito kung piyesta---- hindi nawawalan ng gulo.

Balik sa mga maton. Biglang susugod ang isang maton. Magkakasuntukan na ang dalawa. Titilapon si Tambay 1 sa hanay ng mga kabarkada ng kalaban niya. Magsusuguran na rin ang mga barkada ni Tambay 1.

Balik kina Poldo. Nakatayo na rin si Direk sa tabi ni Sonny.
SONNY: Labu-labo na brod.
DIREK: Oo nga, brod.

Magkakatinginan ang dalawa. Magtatawanan. Takang mapapatingin si Poldo sa kanila. Itataas nina Sonny at Direk ang kanilang mga baso, pagpipingkiin ang mga ito sa isang toast, at uubusin ang laman sa isang tungga. Pagkatapos, parang indiyan na hihiyaw ang dalawa ---- "Yahoo!"---- at mabilis na tatakbo papunta sa gulo. Saglit na mapapanganga si Poldo. Sa pagmamadaling iiling-iling pa na para bang sinasabi sa sarili: Eto na naman po kami. Patuloy lang sa pag-inom si Edmon at Jing, parang walang napapansing kakaiba. Takot at ninenerbiyos si Cristy.

CRISTY: Sira---ulo talaga ang mga 'yon.

JING: Magpapapawis lang 'yon. Mag-aalis ng lasing.
EDMON: 'Yan ang katuwaan ng frat nila ---- rumble…
CRISTY: Walang frat-frat dito. Baka sila malagyan ng gripo sa tagiliran.

Sa labulabo, nakatawa pa sina Sonny at Direk habang nakikipagsuntukan at nakikipagbalibagan. Sinundan-sundan ni Poldo si Sonny. Seryoso si Poldo. Bahagi ito ng trabaho niyang ipagtanggol ang kanyang amo. Sa kasusunod ni Poldo, masusuntok siya ng kalaban ni Sonny. Matatawa si Sonny sa nangyari. Bibirahin ni Poldo ang nakasuntok sa kanya. Titilapon ito. Magpa-flying kick si Direk. Makakailag ang tinatarget niya. Sa halip, si Poldo ang tatamaan. Iilandang ito, babalandra sa isang tabi. Grogi at nakasalampak sa putikan, may biglang maaalala si Poldo. Ilalabas niya ang silbato sa bulsa. Sisilbato siya nang malakas at sunod-sunod. May mga sisigaw ng "Parak! Parak!" Magpupulasan ang mga naglalabulabo. Maiiwan sina Sonny, Direk, at Bosyo. Pagtatawanan nila si Poldo sa kinalalagyan niya. Mapapangiti na rin si Poldo.

INT. Bahay nina Poldo. Gabi.

Nasa harap ng salamin si POLDO, naglalagay ng merthiolate sa mga pasa-pasa sa mukha. Titestingin niya kung matatag pa rin ang panga niya.

Sa banggerahan, naghuhugas ng pinggan sina Aida at Marissa. Nakahiga sa sahig si Totoy, tulog.

MARISSA: Kuya, tulungan mo naman kami dito.
POLDO: Kayo ang babae, kayo ang maghugas.
AIDA: Bisita mo ang gumamit nito, a!

Habang nagaganap ang pag-uusap na ito, papasok si Aling Elena. Bubuhatin niya si Totoy at panonoorin si Poldo.

ALING ELENA: Bakit naman gano'n yung mga bisita mo, Poldo? Naturingan pa namang me pinag-aralan e, nakikihalo sa gulo ng me gulo.
POLDO: Nakainom lang ho 'yon.
ALING ELENA: At bakit pati naman ikaw e nakisali? Mga tagarito pa sa 'tin ang inaway mo.
POLDO: Amo ko ho 'yong napalaban, Inay. Kelangan e damayan ko, trabaho ko ho 'yon. Tatalikod sa salamin si Poldo at haharapin ang ina.
POLDO: Inay, hindi ko ho ipinagpapalit itong trabaho ko ngayon. Palagay ko ho, narito ang asenso ko. Ngayon pa lang swerte na 'ko.
ALING ELENA: Swerte?
POLDO: (Tuloy-tuloy lang, parang walang narinig) Biro n'yo me amo akong ang turing sa akin e kaibigan. Me kaya 'yan, me tinapos. Ako, hanggang hayskul lang, mahirap pa sa daga. Pero ang tingin niya sa 'kin, pantay lang… parang kapatid.
MARISSA: Kapatid ba 'yong lagay na 'yon? Ang tingin ko inaatsoy-atsoy ka, e.

Saglit na matitigilan si Poldo. Pagkatapos ay babaling sa kapatid nanlilisik ang mga mata.

POLDO: (Nagpipigil ng galit) Ilang beses ko bang sasabihin sa 'yong huwag makikihalo sa usapan ng matatanda?

- Naunawaan mo ba ang iyong binasang iskrip? Nasiyahan ka ba sa pagbabasa? Aktwal bang nangyayari sa tunay na buhay ang mga pangyayari sa akda?

Sa ibaba ay may nakatalang pahayag mula sa akda. Bigyang-pansin mo ang pagiging totoo nito sa tunay na buhay, hindi pagiging totoo nito sa tunay na buhay at pagiging malapit nito sa mga karanasan sa tunay na buhay.

### 3. Linangin mo…


**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

a. Panuto: Bigyang-pansin ang mga pahayag na nakahanay sa ibaba. Pagkatapos ay tugunin ang katanungan sa ibaba nito.

1. Talagang ganito dito kung piyesta – hindi nawawalan ng gulo.
2. Walang frat-frat dito. Baka sila malagyan ng gripo sa tagiliran.
3. Kayo ang babae, kayo ang maghugas.
4. Naturingan pa namang me pinag-aralan e nakikihalo sa gulo ng me gulo.
5. Nakainom lang ho iyon.
6. Me kaya 'yan, me tinapos. Ako, hanggang hayskul lang, mahirap pa sa daga.
7. Ba't hindi ka kumuha ng pinggan at umupo nang maayos?

- Naging mabisa ba ang pagkakagamit ng mga pahayag na nasa itaas sa ikagaganda ng akda? Patunayan mo nga.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**




c. **Pagsusuring Pampanitikan**

Sa nakaraang aralin ay natutunan mo na ang magsuri batay sa mga katangian ng isang pagsusuring saykolohikal.

Tingnan ko nga kung natatandaan mo pa.Gawin mo ito.

a. Pumili ka ng isang tauhan mula sa akdang binasa. Bigyang-pansin ang paraan ng pananalita nito. “Naipakilala ba nito ang pagkatao ng nabanggit na tauhan?”\

b. Pumili ng isa pang tauhan. Bigyang-pansin ang pagkilos at gawi nito. “Naipakilala ba ng kanyang mga kilos at gawi ang kanyang pagkatao?”

c. Pumili ng isa uling tauhan. Ilahad ang mga paniniwala nito. “Naipakilala ba ng mga paniniwalang ito ang kanyang pagkatao?

d. Bumuo ng isang character sketch ni Poldo batay sa akdang binasa. Sundin ang tsart sa ibaba.

| Paraan ng Pagsasalita | Mga Kilos at Gawi | Mga Paniniwala/Paninindigan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**d. Halagang Pangkatauhan**

1. Dapat bang anyayahan mo ang iyong boss sa iyong handaan? Bakit?

2. Kung ikaw naman ang boss, pauunlakan mo ba ang imbitasyon ng iyong tauhan sa kanyang handaan? Bakit?

3. Paano ang tamang pakikitungo sa isa’t isa ng boss at ng tauhan?

4. Kung ikaw si Poldo, itataya mo ba ang iyong buhay sa among tulad ni Sonny? Bakit?

- Nagawa mo ba ang lahat ng pagsasanay? Nasagot mo ba ang mga tanong? Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong mga tugon ay malapit sa tamang sagot, ito’y katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

1. Nang makita ni Poldo si Sonny na nakikipagsuntukan at nakikipagbalibagan ay agad-agad itong sumaklolo sa kanyang amo. Sinundan-sundan ni Poldo si Sonny. Seryoso si Poldo. Bahagi ito ng trabaho niyang ipagtanggol ang kanyang amo. Ano ang maaaring ibunga ng ginawang iyon ni Poldo? (TAC)
2. Itala ang lahat ng dapat na isaalang-alang ni Poldo sa anumang aksyon o desisyon na kanyang gagawin. (LAF)

- Tingnan mo ang iyong tugon sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito'y malapit sa iyong sagot, katanggap-tanggap ito.

**5. Gamitin mo…**

Lagyan mo ng tsek (√) ang mga pag-uugaling sa palagay mo ay katanggap-tanggap at ekis (**x**) ang di-katanggap-tanggap sa mga handaan.

______1. Anyayahan ang lahat ng kaibigan.

______2. Maghanda ng maraming pagkain at inumin upang tiyak na di kukulangin.

______3. Isama ang iba pang kaibigan kahit di ito kilala ng nag-anyaya para lalong masaya.

______4. Huwag magpakalasing.

______5. Maging magalang sa mga taong makakasama o makakahalubilo

.


______6. Huwag sumama sa gulo o sa anumang alitan.

______7. Magsuot ng tamang kasuotan sa okasyon.

-Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin mo…**

Isulat mo sa ilalim ng pamagat ang mga positibo at negatibong punto ng pagiging gwardya.




- Tingnan mo ang sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung malapit ito sa tamang sagot ay tatanggapin na ito.

**7. Lagumin mo…**

Anong pangunahing kaisipan ang napapaloob sa akda? Anong detalye ang sumusuporta rito.

Sagutin mo sa tulong ng dayagram.




-Tingnan mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong sagot ay malapit dito ay maaari na ito.

**8. Subukin mo…**

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Ayon sa akda ang "Jaguar" ay nangangahulugang

   a. kaibigan          c. bodyguard
   b. kapatid           d. gwardya

2. Ang pahayag na "Baka sila malagyan ng gripo sa tagiliran " ay nangangahulugang

   a. masaksak          c. makasandal
   b. masaktan          d. wala sa nabanggit

3. "Kapatid ba yong lagay na 'yon? Ang tingin ko inaatsoy-atsoy ka, e" Ang may salungguhit ay nangangahulugang

   a. inuuto-uto　　　c. inaalipin
   b. inuutus-utusan　　d. pinaglalaruan

4. Alin sa mga sumusunod ang di gawain ng isang gwardya?

   a. kinakapkapan ang bawat tao na pumapasok sa gusali
   b. iniiksamin ang mga bag
   c. nag-aayos ng trapiko
   d. wala sa nabanggit

5. Anong paglalarawan sa buhay ang ipinakikita sa akda?

   a. Ang buhay sa iskwater ay puro kaguluhan
   b. Hindi maaaring magsama ang mahirap at mayaman
   c. Likas sa tao na handang ibigay ang lahat alang-alang sa pakikisama
   d. Lahat ng nabanggit

6. Nakipagrambol sina Sonny at Direk sa mga maton, kahit wala silang kinalaman sa away. Mahihinuhang ang dalawa ay__

   a. matapang　　　c. mayabang
   b. mahilig sa gulo　　d. wala sa nabanggit

7. Nakipagsuntukan na rin si Poldo dahil sinabi niyang tungkulin niyang damayan ang kanyang boss. Mahihinuhang si Poldo ay __

   a. tapat sa sinumpaan niyang tungkulin bilang gwardya
   b. isang mabuting kaibigan at trabahador
   c. matapang na gwardya
   d. gwardya na handang itaya ang buhay para sa kanyang amo

8. Inimbitahan ni Poldo sa kanilang piyesta ang kanyang Boss na si Sonny. Pinaunlakan naman ni Sonny ang imbitasyon. Mahihinuhang…

   a. maganda ang palagayan nila bilang mag-amo
   b. matalik na silang magkaibigan
   c. mapagbigay na amo si Sonny
   d. magkapatid ang turingan nila

9. Anong aral ang nangibabaw sa akdang Jaguar?

   a. Huwag makisama sa di kauri

b. Di dapat makisali sa usapan ng matatanda
c. Kapag may katwiran ipaglaban mo
d. Ang pakikisama ay may limitasyon

10. Kung ikaw si Poldo, ano ang gagawin mo sa ganoong sitwasyon na sumali sa gulo ang iyong amo?

    a. pababayaan ko siya para madala na di na ulitin ang pagsali sa gulo
    b. hihingi ako ng tulong sa mga kapitbahay upang awatin ang mga nag-aaway nang di lumaki ang gulo
    c. sasaklolohan ko at ipagtatanggol ang amo
    d. tatawag ako ng pulis

Iwasto mo ngayon ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7-10 ay sagutan mo na ang panghuling pagsubok. Kung 6 naman pababa, isagawa mo pa ang susunod sa gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Bumuo ka ng mga konsepto batay sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| di masama | nang dahil sa | ang buhay | ang masama | umasenso |
| ay itaya | pakikisama | ang makisama | ang buhay | upang |

Iwasto mo ang nabuo mong konsepto sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Tama ba? Magaling!

## *Gaano ka na kahusay?*

Matapos ang maraming gawain at pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, sagutan mo naman ang panghuling pagsubok upang malaman ko kung gaano na ang natutunan mo sa modyul na ito.

O, handa ka na ba?

Simulan mo na.

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. <u>Napawalang-saysay</u> ang kasong administratibo ni Bandong. Ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit ay ___

    a. napawalang-sala	c. nakatakas
    b. napawalang halaga	d. pinakawalan

2. Grogi at napasalampak sa putikan si Poldo. Ang kahulugan ng grogi ay ___

    a. lasing	c. gutom
    b. hilo	d. durog

3. Nakatira sa bahay na bato ang mga Grande. Ang ibig ipakahulugan ng pahayag ay ___

    a. makapangyarihan ang mga Grande
    b. mayaman ang mga Grande
    c. ganid ang mga Grande
    d. nakakulong ang mga Grande

4. Nagtatag ng unyon ang mga magsasaka upang ___

    a. may mangangalaga sa kanilang karapatan
    b. may kinatawan sila sa mga pagpupulong
    c. may magpapahatid ng kanilang kahilingan
    d. lahat ng nabanggit

5. Alin sa mga sumusunod ang di dapat gawin kapag bumibisita sa ibang lugar?

    a. magdala ng kasama
    b. sumali sa gulo/away
    c. makitulog
    d. makikain

6. Bakit tumitindi ang galit ni Andres kay Donya Leona?

    a. dahil sa kinakamkam ni Donya Leona ang Bagong Nayon
    b. dahil pinagbintangan silang sumunog ng kamalig
    c. dahil nalaman niyang kinamkam ng mga magulang ni Donya Leona ang aring lupa ng kanyang nuno.
    d. Dahil sa pinababayaran sa kanya ni Donya Leona ang lupa ng kanyang nuno.

7. Nanalo sa usapin ang mga iskwater at magsasaka. Nakuha ni Andres ang lupa ng kanyang mga nuno. Napawalang-saysay ang hablang administratibo laban kay Bandong. Sa lahat ng ito'y mapatutunayang ___

    a. may hustisya sa Sampilong
    b. pantay-pantay lahat ang tao
    c. may ngipin ang batas

d. pag may katwiran, ipaglaban mo

8. Sinundan-sundan ni Poldo si Sonny. Sa kasusunod ni Poldo masusuntok siya ng kalaban ni Sonny. Matatawa si Sonny. Sa ikinilos ni Sonny, masasabing siya’y___

   a. walang malasakit sa kapwa
   b. di siya marunong tumanaw ng utang na loob
   c. makasarili
   d. lahat ng nabanggit

9. Nalinis at naayos nina Andres ang pook ng mga iskwater at tinawag na Bagong Nayon. Nang makita ni Donya Leona na maganda na ito ay kinamkam naman niya agad. Sa ginawang ito ni Donya Leona makikilalang siya ay ___

   a. sakim
   b. ganid
   c. walang awa
   d. lahat ng ito

10. “Kapatid ba ‘yong lagay na ‘yan? Ang tingin ko inaatsoy-atsoy ka, e.”, ang sabi ni Marissa. Si Marissa ay ____

   a. nagmamalasakit kay Poldo
   b. tinutuya si Poldo
   c. sinasabihan si Poldo para matauhan ito
   d. nakikihalo sa usapan

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

# *Modyul 4*

Susi sa Pagwawasto

# Aralin 1

## Luha ng buwaya

ANO NA BA ANG ALAM MO?

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. b |
| 2. a | 7. c |
| 3. c | 8. b |
| 4. b | 9. c |
| 5. a | 10. c |

1. Alamin mo….

| Denotasyon | Konotasyon |
|---|---|
| c | a |
| d | b |
| | e |
| | f |

3. Linangin mo…

a. Pagsusuri Panlinggwistiko

| | |
|---|---|
| 1. b | 1. f |
| 2. d | 2. d |
| 3. a | 3. e |
| 4. c | 4. a |
| 5. e | 5. b |

6. Pagsusuring Pangnilalaman

| | |
|---|---|
| 1. a | 6. d |
| 2. c | 7. a |
| 3. b | 8. a |
| 4. c | 9. c |
| 5. c | 10. a |

C. Pagsusuring Pampanitikan

1. Donya Leona- Ganid, Sakim

   Nang makita niyang maunlad na ang Bagong Nayon ay kinamkam niya ito.

Nagpakita siya ng lumang dokumento ng pagmamay-ari.
Kinasapakat niya ang mayor at hepe ng pulis.
Sa utos niya, naigawa ng kasong administratibo si Bandong.
Ipinahakot muna niya ang mga palay sa kamalig.Nasunog ang kamalig at ibinintang sa mga pinuno ng kooperatiba at unyon.

2. Bandong – Matulungin, Maginoo
Sa mungkahi niya ay nagtayo ng cottage industries ang mga iskwater.
Nilinis at inayos ng mga ito ang pook ng iskwater.

D. Halagang Pangkatauhan

1. Hihikayatin ko ang mga kapwa ko kabataan na maglinis sa aming lugar, Ayusin ang kani-kaniyang harap at likod ng bahay, Yong mga di mapapakinabangan ay itapon na. Yong mga magagamit pa ay ayusin at itabi sa isang lugar. At kapag ito'y nakita ng iba ay susunod na rin sila.
2. Kung ako si Donya Leona ay hihingi ako ng patawad sa Diyos at sa mga taong nagawan ko ng kasamaan. At magbabago na ako at sisikaping di na gawing muli ang kasamaang nagawa.

4. PALALIMIN MO…

Nalaman ko na may hustisya na nangangalaga sa mga tao. Na ang katotohanan ay mangingibabaw. Na walang mang-aapi kung walang paapi.
Naramdaman ko na masakit pala ang mapahiya. Na napakasarap pala na makitang nagkakaisa ang mga tao. Na napakasarap ng pakiramdam na nagtatagumpay.
Masasabi ko na kailanma'y di magtatagumpay ang kasamaan.

5. GAMITIN MO…

| | |
|---|---|
| 1. * | 6. * |
| 2. O | 7. * |
| 3. * | 8. * |
| 4. O | 9. * |
| 5. * | 10. O |

6. SULATIN MO …

| | |
|---|---|
| 1. kayamanan | 4. tamang |
| 2. bula | 5. maghahari |
| 3. makakamtan | 6. katotohanan |

7. LAGUMIN MO…

| | |
|---|---|
| 1. √ | 5. √ |
| 2 | 6. |

3. 7. √
4. √

8. SUBUKIN MO…

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. d |
| 2. a | 7. a |
| 3. a | 8. c |
| 4. a | 9. d |
| 5. b | 10. d |

9. PAUNLARIN MO…

Pangunahing kaisipan: Walang mang-aapi kung walang paaapi.
Pantulong na kaisipan: Ang katotohanan ay mangingibabaw.
Ang di sa iyo kailanman ay di mapapasaiyo.
Nasa pagkakaisa ang tagumpay.
Ang lahat ay pantay-pantay sa harap ng batas.
Anumang pagbabagong-lipunan ay makukuha sa mapayapang paraan.

.

## ARALIN 2: JAGUAR

1. ALAMIN MO…
   Ang gwardya ay taong nagbabantay sa isang gusali o establisimyento.
   Ang bodyguard ay taong umaalalay sa isang tao

3. LINANGIN MO…
   A. Pagsusuring Panlinggwistika
   Oo naging mabisa ang pagkakagamit ng mga pahayag sa ikagaganda ng akda sapagkat ang mga ito'y totoong nangyayari sa tunay na buhay at malapit ito sa mga karanasan sa tunay na buhay. Na hindi nawawalan ng gulo o away sa mga piyestahan, na karaniwan sa mga gulo ay may nasasaksak, na ang paghuhugas ng pinggan ay trabaho ng babae, na kaya napapaaway ay dahil sa nakainom, na ang mayaman nakakatapos ng pag-aaral at ang mahirap dahil di nakapag-aral kaya lalong naghihirap.

   B. Pagsusuring pangnilalaman

Tauhan-- Poldo, Sonny, Aling Elena, Marissa, Cristy, Direk, Tiyuhin, Basyo
Panahon -- Piyesta
Pook -- Sa lugar ng iskwater

Panimula -- Guwardya si Poldo sa Gaston Publishing. Inalalayan niya sa paglabas ang kanyang among si Sonny .Pinaalala ang imbitasyon nito sa pista sa kanilang lugar, na pinaunlakan naman ni Sonny.
Suliranin – Nagkaroon ng gulo at sumama sa gulo/away sina Sonny at Direk
Reaksyon -- Nabigla si Poldo sa ginawa ng dalawa
Layunin -- Mabilis na sumunod si Poldo kay Sonny. Kailangang ipagtanggol niya ang kanyang amo sapagkat bahagi ito ng kanyang trabaho.
Ginawa -- Sinundan-sundan niya si Sonny. Nakipagsuntukan na rin siya at bigla niyang naalala na sumilbato.
Resulta -- Nagpulasan ang mga naglalabulabo.
Wakas -- May mga pasa sa mukha si Poldo. Pinagsabihan siya ng kanyang ina sa kanyang ginawa.

C. Pagsusuring Pampanitikan

1. Marissa: Hindi ka siguro sisiputin no'n. Class yata 'yung boss mo. Hindi 'yon ang tipong tumutuntong sa barungbarong.
   "Sayang ang pinambili mo ng beer. Sana kwatro kantos na lang ang binili mo, tayu-tayo lang pala ang iinom."
   "Kapatid ba 'yong lagay na yon? Ang tingin ko inaatsoy-atsoy ka, e."
   -Marunong ng kumilala ng tao kahit bata pa.
   -Matalino
2. Sonny: Sumali sa gulo/away kahit di sila sangkot.
   Pinagtatawanan pa si Poldo kapag ito'y nasusuntok at nang ito'y sumilbato.
   Walang malasakit sa kapwa. Mahilig sa gulo.
3. Poldo Na kailangang ipagtanggol niya si Sonny sapagkat bahagi ito ng kanyang trabaho.
   Na lahat gagawin niya para sa kanyang amo upang umasenso.
   May ambisyon. Lahat gagawin kahit itaya ang buhay umasenso lang.

| Paraan ng Pagsasalita | Mga Kilos at Gawi | Mga Paniniwala/Paninindigan |
|---|---|---|
| 1. Magalang magsalita si Poldo | 1. Ginagampanan ang tungkulin nang buong puso at husay.<br>2. Magalang, sumasaludo<br><br>3. Malaking karangalan sa kanya ang pagpapaunlak ni Sonny sa kanyang imbitasyon kaya hindi siya magkandaugaga sa pag-iistima rito.<br>4. Sinundan-sundan si | 1. Bahagi ng trabaho niya na ipagtanggol ang amo.<br><br>2. Nasa trabaho niya ang kanyang pag-asenso<br>3. May kaya, may tinapos. Siya walang natapos, kaya mahirap pa sa daga.<br>Kaya gagawin ang lahat umasenso lang. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sonny habang nakikipagsuntukan ito. Seryoso si Poldo. | 4. Ang bata ay di dapat nakikihalo sa usapan ng matatanda.<br><br>5. Itataya ang buhay sa amo para umasenso. |

D. Halagang Pangkatauhan
   1. Oo, upang makilala siya ng aking pamilya.
   2. Oo, sapagkat isang paraan ito upang ipakita sa aking mga tauhan na kaya akong abutin.
   3. May paggalang sa isa't isa. Nagbibigayan. Hindi gagamitin ang kanyang kayamanan at kapangyarihan upang gipitin ang tauhan o masunod ang layaw.
   4. Hindi, sapagkat hindi karapat-dapat na itaya ang buhay sa tulad ni Sonny na walang malasakit at sinasamantala ang kahinaan ng kanyang kapwa.

4. Palalimin mo…
   a. Maaring balikan siya ng mga tambay sa kanilang lugar at siya ang gantihan.
   b. Ang mga dapat isaalang-alang ni Poldo sa anumang aksyon o desisyon na kanyang gagawin ay ang mga sumusunod:
      1. Mga taong kasangkot
      2. ang sanhi ng pangyayari
      3. ang magiging bunga ng pangyayari

5. Gamitin mo….
   1. .
   2. √
   3. .
   4. √
   5. √
   6. √
   7. √

6. Sulatin mo….

| | Positibo | Negatibo |
|---|---|---|
| 1. | Maraming nakakahalubilong tao | 1. malapit sa disgrasya |
| 2. | nakakatulong sa kapwa | 2. malimit napupuyat |

3. nalilinang ang pagkatao o personalidad
4. nahahasa ang mga pandama (senses)
5. iba ang dating sa tao.

3. mabigat na responsibilidad
4. pinangingilagan

7. Lagumin mo…

Kaisipan: Na aasenso ang buhay nang dahil sa sariling pagsisikap at di dahil sa iyong amo. Na di dapat itaya ang buhay para amo dahil sa paniniwalang aasenso ang buhay.

Mga detalye:

1. Pag-imbita kay Sonny sa Piyesta
2. Pagsisilbi nang maigi kay Sonny
3. Pagsaklolo kay Sonny nang ito'y sumama sa gulo.

8. Subukan mo….

1. d
2. a
3. b
4. c
5. d
6. b
7. a
8. a
9. d
10. b

9. Paunlarin mo…

Di masama ang makisama, ang masama ay ang itaya ang buhay nang dahil sa pakikisama upang umasenso ang buhay.

## II. Gaano Ka Na Kahusay?

1. b
2. b
3. b
4. b
5. b
6. c
7. a
8. b
9. b
10. a

## *Talahanayan*

Unang Markahan

| Modyul Blg. 4 | Kasanayan | | | | Pamagat | Genre |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Pampanitikan | | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag at salita na ginamit sa akda. | Natutukoy ang mahahalagang detalye at kaisipan sa akda. | Nakabubuo ng mga islogan na nauukol sa mga kaisipang napapaloob sa akda. | Nasusuri ang akda batay sa saykolohikal na pananaw sa pamamagitan ng pagtutuon sa kilos, gawi at paniniwala ng tauhan. | Luha ng Buwaya | Nobela |
| | Napatutunayang mahalaga ang pakikiisa at pagkakaisa sa ikapagtatagumpay ng layunin. | Naipaliliwanag ang mga kaisipang napapaloob sa akda. | | | | |
| | Nasasabi ang bisa ng ginawang pamimili ng salita sa pagbubuo ng akda. | Nasusuri ang akda batay sa mga elemento o sangkap nito. | Naisusulat ang mga positibo at negatibong punto ng pagiging gwardiya. | Nasusuri ang akda batay sa saykolohikal na pananaw sa pamamagitan ng pagtutuon sa kilos, gawi at paniniwala ng tauhan. | Jaguar | Bahagi ng Iskrip ng Dulang Pampelikula |
| | Natutukoy ang tamang paraan ng pakikitungo sa kapwa. | | | | | |

Inihanda ni:

Ma. Teresa I Linao